UK Health Security Agency

NHS

# Gabay para sa mga babaeng maaaring mabuntis, buntis na o mga nagpapasuso sa kanilang sanggol

easy read


Ang bakuna sa coronavirus ay dumaan sa maraming mga pagsusuri upang matiyak na ligtas ito.



Kung buntis ka, dapat kang magpaturok ng dalawang dosis ng bakuna laban sa coronavirus upang maprotektahan ka at ang iyong sanggol. Hindi ka mahahawahan ng coronavirus o ang iyong hindi pa naipapanganak na sanggol dahil sa mga bakuna.



Ang bakuna laban sa coronavirus ay ibinibigay sa dalawang pagturok. Kung nakuha mo na ang unang turok bago ka pa mabuntis, maaari ka nang magpaturok ng pangalawa basta't hindi ka nagkaroon ng anumang malubhang side effect sa unang pagturok.




Mas inirerekomenda ang mga bakuna laban sa coronavirus na Pfizer at Moderna para sa mga babaeng buntis. Kung Astrazeneca ang una mong nang naipaturok, maaari mo pa rin itong kunin para sa pangalawang pagturok, ngunit kausapin muna ang iyong doktor o nurse tungkol sa panganib ng pagkakaroon ng mga pamumuo ng dugo.



Ang pagpapasuso ay talagang maganda para sa iyo at sa iyong sanggol.



Ayon sa mga eksperto sa Joint Committee on Vaccination and Immunisation (JCVI), maaari kang magpabakuna habang ikaw ay nagpapasuso.

Sumasang-ayon din ang World Health Organisation (WHO) na maaaring magpabakuna ang mga nagpapasusong kababaihan.



Kung nakapanganak ka na, dapat kang magpabakuna sa lalong madaling panahon.



Ligtas para sa iyo na magbuntis pagkatapos mong magpabakuna.



Pagbabakuna, natutulungang maprotektahan ang mga pinakamadaling magkasakit na tao.

© Crown copyright 2021. Product code: COV2021374V4ERTG Tagalog 1p 5K AGO 2021 (APS). UK Health Security Agency 2021541.

Ang iba pang mga bersyon ng mga polyetong ito ay mababasa sa braille, BSL, na isinalin sa maraming wika. Pakibisita ang Health Publications upang ma-order o ma-download ang mga ito sa: www.healthpublications.gov.uk